

1

Lingguhang Aralin sa Filipino (WIKA)

Quarter 1

Week

7

PILOT IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

Gawaing Pampagkatuto sa Filipino 1
Kuwarter 1: Linggo 7

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Kagawaran ng Edukasyon – NCR sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Patnugot: **Sara Z. Duterte**

Ikalawang Patnugot: Gina O. Gonong

Bumuo ng Materyal

Manunulat: Werlito C. Batinga
Pinagyaman: Werlito C. Batinga
Tagaguhit: **Juan Dela Cruz**
Tagalapat: Danilo Jr. V. hernandez

Namamahala sa Pagbuo ng Materyal

JOCELYN DR ANDAYA *CESO IV*, Regional Director
CRISTITO A. ECO *CESO III*, Assistant Regional Director
MICAH G. PACHECO, Chief Education Program Supervisor
DENNIS M. MENDOZA, Regional LR Education Program Supervisor

MATATAG Kto10 Kurulum Lingguhang Aralin	Paaralan		Baitang	
	Pangalan ng Guro		Asignatura	
	Petsa at Oras ng Pagtuturo		Kuwarter	

	DAY 1	DAY 2	DAY 3	DAY 4
I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM				
<i>A. Pamantayang Pangnilalaman</i>	The learners demonstrate developmentally appropriate language for interacting with others in the classroom and expressing meanings about familiar topics; they engage with and enjoy listening to a range of texts; and recognize familiar images, icons, and symbols in their environment.			
<i>B. Pamantayan sa Pagganap</i>	The learners use their developing vocabulary to talk about themselves, their families, and other everyday topics; they follow the teacher's instructions and answer questions. They listen to and respond to stories; and identify images, icons, and symbols from the environment and familiar texts.			
<i>C. Mga Kasanayan ng Pampagkatuto</i>	LANG1IT-I-2 Engage with or respond to a short-spoken text.	LANG1LIO-I-1 Talk about one's personal experiences. a. oneself and family b. content-specific topics	LANG1LIO-I-2 Participate in classroom interactions using verbal and non-verbal responses.	LANG1LIO-I-2 Participate in classroom interactions using verbal and non-verbal responses.
	LANG1CT-I-3 Draw and discuss information or ideas from a range of text (e.g. stories, images, digital texts). <ul style="list-style-type: none"> Note and describe main points (e.g. main characters and events) Sequence up to three (3) key events Predict possible endings Relate ideas or events to one's experience 	LANG1LDEI-I-4 Use high-frequency and content-specific words referring to oneself and family.	LANG1LDEI-I-3 Use language to express connections between ideas. LANG1AL-I-3 Recognize how language reflects cultural practices and norms.	LANG1LIO-I-5 Share confidently thoughts, preferences, needs, feelings, and ideas with peers, teachers, and other adults. LANG1LDEI-I-1 Express ideas using a variety of symbols (e.g. drawings, emojis, scribbles).



<p><i>D. Mga Layunin</i></p>	<p>Review the guidelines on respectful listening.</p> <p>Identify and name the key elements of a story, like setting, characters, beginning, middle, and ending.</p> <p>Express preference regarding the ending of the story and explain your reason.</p>	<p>Explain in one's L1 the meaning of "more than" and "less than" when they are spoken or presented visually.</p> <p>Engage in classroom discussions and activities that involve using "more than" and "less than."</p> <p>Apply the understanding of "more than" and "less than" to everyday life situations, like sharing, doing household chores, etc.</p>	<p>Recognize and identify common non-verbal gestures used in class interaction, such as nodding, thumbs up, clapping, raising hands, and pointing.</p> <p>Explain the meaning and significance of common non-verbal gestures in one's social and cultural context.</p> <p>Demonstrate using non-verbal gestures in appropriate situations.</p>	<p>Recognize and name in one's L1 various emotions, including happiness, sadness, anger, surprise, and fear.</p> <p>Associate emotions with gestures and facial expressions.</p> <p>Differentiate intensity emotions using content words.</p> <p>Respond to emotions with respect and empathy.</p>
<p>II. NILALAMAN/PAKSA</p>				
<p><i>A. Mga Sanggunian</i></p>	<p>Anchor for the week: Respect and Perseverance</p>	<p>DEPED LRMDs PORTAL</p> <p>https://lrmds.deped.gov.ph/search?filter=&search_param=all&query=17744</p> <p>https://www.freepik.com/free-vector/hand-drawn-children-back-school_8925986.htm#query=children&position=33&from_view=search&track=sph</p>		

<p>B. Iba Pang Kagamitan</p>	<p>Listening to Understand https://www.canr.msu.edu/news/listening_to_understand https://www.canr.msu.edu/news/listening_is_a_powerful_relationship-building_tool_in_families</p>	<p>Pamilyang Daliri song https://www.youtube.com/watch?v=n6Wbi4881OU</p>		
------------------------------	---	---	--	--



IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO






Bago Ituro ang Aralin

<p>Panimulang Gawain</p>	<p>ITANONG: <i>Mahalaga ba na tayo ay nakikinig sa kuwento ng guro?</i> <i>Bakit tayo nakikinig?</i> <i>Ano kaya ang mangyayari kung hindi tayo makikinig sa isang pagkukuwento?</i> <i>Paano kayo nakikinig?</i></p>	<p>Pag-awit sa awiting Pamilyang Daliri. https://www.youtube.com/watch?v=n6Wbi4881OU Magtanong tungkol sa pamilya ng mga mag-aaral. SABIHIN: <i>Masaya ka rin ba kapag kasama mo ang iyong pamilya? Bakit ka masaya?</i> <i>Paano mo ilalarawan ang iyong pamilya?</i> <i>Kabilang ka ba kayo sa malaking pamilya o sa maliit na pamilya?</i></p>	<p>ITANONG: <i>Anong ginagawa ninyo kung may gusto kayong sabihin sa kaklase ninyo? Maari rin ba tayong makapagbigay ng mensahe na hindi nagsasalita? Halimbawa, gustong humiram ng lapis ng iyong kaklase. Gusto mo naman siyang pahiram, ngunit hindi pwedeng magsalita. Ano ang gagawin mo para malaman niya na okay sa iyo na magpahiram?</i> <i>Halimbawa natuwa ka sa nakita mong palabas ng iyong kaklase. Ano ang gagawin mo para</i></p>	<p>PAGTUKOY SA DAMDAMIN Sa pagsisimula ng aralin, alamin ang nararamdaman ng bawat mag-aaral sa pamamagitan ng pagpili sa larawan ng iba't ibang emosyon. Ipaliliwanag ng mga mag-aaral bakit ito ang kanilang napili.</p> <div data-bbox="1639 1077 2094 1412" data-label="Image"> <p>The image shows a graphic titled 'Emotional Check-in' with a blue header. Below the header is a grid of six emoji faces arranged in two columns and three rows. To the right of the grid are labels for each emotion: Unwell, Excited, Happy, Angry, Sad, Anxious, and Tired. The grid is enclosed in a decorative border.</p> </div>
--------------------------	--	---	---	---



		<p>Magpakita ng larawan ng dalawang pamilya. Isang malaki at isang maliit na pamilya.</p> <p>SABIHIN: <i>Ano ang ginagawa ng dalawang pamilya sa larawan?</i> <i>Sino sa dalawang pamilya ang may maraming bilang?</i> <i>Sino naman ang may kaunting bilang?</i></p> <p>Ipabilang sa mga mag-aaral ang miyembro ng pamilya A at Pamilya B. Paghambingin kung alin sa dalawa ang may <i>mas marami</i> at may <i>mas kaunting</i> miyembro nito.</p> <div style="display: flex; justify-content: space-around; align-items: center;"> <div style="text-align: center;">  <p>A</p> </div> <div style="text-align: center;">  <p>B</p> </div> </div>	<p><i>maiparating sa kanila na nagustuhan mo ang kanilang ginawa sa pamamagitan ng kilos at hindi sa salita?</i></p>	
--	--	---	--	--

<p>Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin</p>	<p>SABIHIN:</p> <p><i>Ngayong araw ay matututuhan natin kung paano makinig upang maintindihan nating mabuti ang kuwento, gamit ang ating limang daliri.</i></p>	<p>Ang layunin ng araling ito ay upang ipaliwanag sa L1 ang kahulugan ng “mas marami” at “mas kaunti” kapag ginagamit ito sa pagsasalita o ipinakikita.</p> <p>SABIHIN: <i>Mga bata, ngayon ay pag- aaralan natin ang pagtukoy sa pagkakaiba ng mas marami sa mas kaunti sa pamamagitan ng pagtukoy.</i></p> <p><i>Handa na ba kayo? Simulan na natin sa mga larawan.</i></p>	<p>SABIHIN:</p> <p><i>Sa pakikipag-usap, hindi sa lahat ng pagkakataon, tayo ay nagsasalita upang ipaabot ang mensahe na gustong- gusto nating sabihin. Maari tayong gumamit ng kilos na di-berbal tulad ng mga nabanggit ninyo kanina na pagtango o pagpalakpak. Sa araw na ito ay pag- uusapan natin ang mga kilos na di-berbal sa pakikipag-usap o komunikasyon lalo na sa loob ng ating silid-aralan.</i></p>	<p>SABIHIN:</p> <p>Pagkatapos ng araling ito, matutukoy ko ang iba’t ibang uri ng emosyon batay sa nararamdaman.</p> <p>Igagalang ko ang nararamdaman ng bawat isa.</p> <p>Makilala at maibigay sa pamamagitan ng unang wika(L1)ang iba’t ibang emosyon kabilang ang masaya, malungkot, galit, pagkagulat at takot o pangamba.</p> <p>Pagsabayin ang kilos at ekspresyon ng mukha batay sa emosyong nadarama.</p>
<p>Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/ Parirala</p>	<p>Paghawan ng sagabal ng mga salita gamit ang unang wika(L1)ng mga mag-aaral,</p> <p>“Ang Pagong at Kuneho”</p>	<p>Pagtalakay at paghawan sa mga salitang “mas marami” at “mas kaunti” sa pamamagitan ng pagtalakay sa unang wika(L1) ng mga mag-aaral. Magbigay ng halimbawa at magpakita ng larawan at realia.</p>	<p>Sa ilang mga lugar, ang <i>palm-up</i> o <i>stop hand</i> na kilos ay maaaring hindi kilala, kaya kailangan mong ipaliwanag kung ano ang ibig sabihin nito. Maaari mo ring isama ang iba pang mga kilos na mas kilala ng mga mag-aaral.</p>	<p>Pagbibigay-kahulugan ng sumusunod na mga salita.</p> <p>Happiness – <i>kaligayahan</i> Sadness – <i>kalungkutan</i> Anger – <i>galit</i> Surprised – <i>nagulat</i> Fear – <i>pangamba o takot</i> Disgust – <i>pagkasuklam</i></p> <p>Tandaan: Gamitin ang katumbas na mga tuntunin ayon sa mga pakiramdam na ito ng iyong mga mag-aaral gamit ang unang wika(L1).</p>

<p>During/Lesson Proper</p>				
<p>Mahahalagang Konsepto sa Aralin</p>	<p>SABIHIN: <i>Ngayong araw ay makikinig tayo sa isang kuwento. Ito ay pinamagatang “Ang Pagong at Kuneho”</i></p> <p>https://www.youtube.com/watch?v=VRroSa_uGd_o</p>  <p>Discuss and explain the key elements of a story.</p> <p>Mahalagang sangkap sa pagbuo ng kuwento ang mga elemento at mayroon tayong limang mahalagang elemento. Ang mga ito ay tauhan, tagpuan, panimula, gitna at wakas.</p>	<p>Basahin ang teksto mula sa video na itinalaga para sa <i>Grade 1 Learners</i>. “Ang Pamilyang May Ginintuang Puso” mula sa <i>DepEd LRMDs Portal</i>.</p> <p>SABIHIN: <i>Ang ating babasahin ngayon ay may pamagat na “ Ang Pamilyang May Ginintuang Puso. Ito ay sinulat ni Joy Reposar Oreo. Iginuhit ito ni Rionel R. Plimaco.</i></p> <p><i>Nanggaling ang kuwento sa Pilipinas.</i></p> <p><i>Ang kuwento ay tungkol sa pagtutulungan ng pamilya at kung ano-ano ang kanilang ginawa at ibinibigay sa kapwa upang makatulong. Sa pakikinig ninyo ng kuwento ay bilangin din natin ang mga bagay na makikita sa kuwento. Handa na bang makinig ang lahat? Simulan na natin!</i></p>	<p>Ipakita kung paano ang mga larawan ng mga card ng bawat <i>non-verbal</i> na kilos (<i>thumbs up</i>, pagpalakpak, pagtaas ng kamay, pagturo, hinto) isa sa bawat isang pagkakataon(<i>one at a time</i>).</p> 	<p>Sasabihin ng guro sa klase na ang mga tao ay nagpapahiwatig ng mga pakiramdam sa pamamagitan ng mga emosyon na nakikita o ipinakikita ng mga ekspresyon sa mukha at ikinikilos ng katawan.</p> <p>Ipakita ang larawan ng mga emosyon, isa sa bawat isang pagkakataon(<i>one at a time</i>). Hayaan ang klase na makilala at mapangalanan ang bawat emosyon gamit ang kanilang unang wika(L1). Ipagpatuloy ang prosesong ito para sa lahat ng mga emosyon na nagbibigay-diin sa kanilang wastong pagbigkas.</p> <p>Isulat ang iba’t ibang emosyon sa pisara na nagbibigay-diin sa unang tunog ng mga salita.</p>


	<p><i>Ang tauhan ay ang mga karakter mula sa kuwento na sumasagot sa tanong na sino. Tandaan na kapag sa panitikan o sa mga kuwento, hindi lamang limitado sa tao ang mga tauhan.</i></p> <p><i>Maaaring maging mga hayop o bagay ang mga ito, na binigyang-buhay dulot ng imahinasyon ng manunulat.</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • <i>Ngayon, babalikan natin ang napakinggang kuwento.</i> • <i>Sino-sino ang mga tauhan dito?</i> <p><i>Ang tagpuan naman ay oras at lugar na pinangyarihan ng kuwento at sumasagot sa mga tanong na saan at kailan.</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • <i>Sa kuwentong “Si Pagong at Kuneho”, saan at kailan naganap ito?</i> • <i>Samantala, ang panimula ay ang</i> 	 <p>Mga Tanong sa Pag-unawa</p> <p>Tanong:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Sino ang pamilyang handang tumulong sa kanilang mga kapitbahay? 2. Saang baryo nakatira ang pamilya ni Mang Jaime? 3. Ilan ang miyembro ng pamilya ni Mang Jaime? 4. Paano mo ilalarawan ang pamilya ni Mang Jaime? 5. Ano ang naging problema ng baryo nila Mang Jaime? 6. Paano nila tinulungan ang kanilang mga kabaryo? 	  	<p><i>Emotions Character</i></p>  <p><small>designed by freepik</small></p>
--	---	---	---	--

	<p><i>umpisa ng kuwento at ang wakas naman ang pagtatapos ng kuwento.</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • <i>Paano sinimulan ang kuwentong “Si Pagong at Kuneho”?</i> • <i>Ano ang sumunod na nangyari? Paano naman ito winakasan ?</i> 	<p>7. Dapat ba tayong tumulong sa ating kapwa? Bakit?</p>		
<p><i>Developing Understanding of the Key Idea/ Stem Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/ Susing Ideya</i></p>	<p>5-Finger Retell</p> <p><i>Mula sa mga tinukoy nating mga elemento ng kuwentong ating napakinggan, ikukuwento nating muli ang ‘Si Pagong at si Kuneho’ gamit ang ating limang daliri.</i></p>	<p>Ipakita ang mga larawan mula sa kuwento. Ipabilang at ipaghambing ang mga larawan ng mga bagay na tinanong.</p> <div style="display: flex; justify-content: space-around;">   </div> <p style="font-size: small; text-align: center;"> Bakuran ng kasabuhay ni Mang Jaime Bakuran ng bahay ni Mang Jaime </p>	<p>SABIHIN: Ipakita ang larawan</p> <p><i>Mga bata, tingnan ang larawang ito. Ano ba ang ibig sabihin ng larawang ito?</i></p> <p><i>Opo. Ang ibig sabihin ng thumbs up ay “oo”/”opo” o kaya’y pagsang-ayon. Paano pa ipinakikita ang oo /opo? Pwede rin ang pagtango.</i></p>	<p>PAG-UURI NG EMOSYON</p> <p>Ang guro ay magpapakita ng mga larawan o <i>drawing</i> ng mga tao na nagpapakita ng iba't-ibang emosyon. Uuriin ito ng mga bata ayon sa kategorya ng saya, lungkot, galit, gulat, takot, atbp.</p> <p>Ipakita sa Akin</p>


	 <p>Gamit ang estratehiyang 5 Finger Retell, muling ikuwento ang "Si Pagong at si Kuneho."</p> <p>Pagkatapos ng muling pagkukuwento, maaari din itong ipagawa sa mga batang may gusto gamit ang <i>5 Finger Retell strategy</i>.</p> <p>After explaining the important elements of a story, ask the following questions. Ensure that the idea that the turtle's victory was due to its perseverance should be emphasized.</p> <p>Pagkatapos ng pagpapaliwanag sa mga</p>	<p>Tanong:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Alin sa dalawang larawan ang may mas maraming tanim na gulay? 2. Alin naman sa dalawang larawan ang may mas kaunting tanim na gulay?  <p>Tanong:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Aling pamilya ang may maraming bilang ng miyembro? 2. Alin pamilya ang may mas kaunting bilang ng miyembro? <p>Talakayin ang konsepto ng <i>mas marami</i> at <i>mas kaunti</i> sa pamamagitan ng mga larawan.</p> <p>SABIHIN: <i>Kayo ba ay lagi</i></p>	<p>Ano naman ito? <i>Tama. Ito ay pumapalalapak. Ano kaya ang ibig iparating ng kilos na di-berbal na ito? Tama po. Ginagawa natin ito upang ipakita ang ating pagpapahalaga o kasiyahan sa pangyayari o pagkatuwa.</i></p> <p>Anong kilos na di-berbal naman ito? <i>Ano kaya ang ibig sabihin nito? Opo. Kapag itinataas natin ang ating kamay ang ibig sabihin nito ay gusto nating magtanong, magsalita, o magbigay ng opinyon o ideya.</i></p> <p>Ano kayang kilos na di-berbal na ito? <i>Ano kaya ang ibig sabihin nito? Tama po. Ang pagturo (pointing) ay nagpapahiwatig o nagpapakita ng isang bagay na importante.</i></p> <p>Ano naman ito? <i>Ito ay kilos ng taga-trapik na pulis na ibig sabihin ay hinto o tigil o stop. Ginagawa rin natin ito kapag may gumagawa ng</i></p>	<p>Ipakitang muli ang mga larawan. Hayaan ang mga mag-aaral na pumili ng isa at gayahin ang <i>facial expression</i> at kilos. Hikayatin ang mga ito na gawing eksaherado ang kanilang mga ekspresyon.</p> <p>Palakasin at bigyang papuri ang mga mag-aaral para sa kanilang pagsisikap na maipakita at maipadama ang ginayang emosyon.</p> <p>Maaaring itanong sa kanila kung bakit nila pinili ang mga emosyong ito at ibahagio kung kailan sila nagkaroon ng mga emosiyong ito.</p> <p>Pag-usapan ang tungkol sa mga pakiramdam/emosyon at ipaliwanag sa kanila na normal lamang na maranasan ito. Mas mabuting pag-usapan ito at ibahagi sa iba ang nararamdaman.</p>
--	---	--	---	---

	<p>mahalagang elemento ng isang kuwento, itanong ang sumusunod na mga tanong. Tiyakin ang ideya na; ang tagumpay ng isang pagong ay dahil sa kaniyang pagsisikap. Ito ay dapat na mabigyang-diin.</p> <ul style="list-style-type: none"> ● Paano nanalo si Pagong sa karera laban kay Kuneho? ● Bakit natalo si Kuneho laban kay Pagong? ● May kapareho rin ba kayong karanasan kaugnay ng ating kuwentong pinakinggan? ● Nagustuhan ba ninyo ang wakas ng ating kuwento? Bakit? ● Kung ikaw ang magwawakas ng kuwento, paano mo ito wawakasan? <p>Itinuro sa atin ng kuwento ni Pagong at Kuneho na walang imposible sa nagsusumikap katulad ni Pagong.</p>	<p><i>ring handang tumulong? Sa mga gawaing bahay tumutulong din ba kayo kina nanay at tatay? Sa papaanong paraan?</i></p>	<p><i>masama sa ating paligid.</i></p> <p>GESTURE CHARADES</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Pangkatin ang mga mag-aaral sa mas maliit na grupo. 2. Bigyan ang bawat pangkat ng mga larawan ng mga kilos na tinalakay. 3. Sa bawat pagkakataon, ang mga mag-aaral ay pumili ng isang <i>card</i> mula sa <i>deck</i> at gumawa nang tahimik habang ang ibang mga grupo naman ay sinusubukang hulaan kung ano ang inaakto ng mga ito. 4. Hikayatin ang paggamit ng kilos upang mahulaan ang tamang sagot. 5. Magpatuloy sa pag-ikot hanggang ang bawat mag-aaral ay nagkaroon ng pagkakataon magsagawa ng isang kilos. 	
--	---	--	---	--

	<p>Ang pagiging mayabang at paghamak sa kakayahan ng kapwa ay masamang ugali at magdudulot sa atin ng ‘di mabuti.</p>			
--	---	--	--	--

<p><i>Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/ Susing Ideya</i></p>	<p>Sequencing Events</p> <p><i>Ngayong malinaw na sa atin ang mahahalagang elemento ng isang kuwento. Bubuo kayo ngayon ng sarili ninyong kuwento mula sa mga larawan. Tandaan na dapat mayroon itong tauhan, tagpuan, simula, gitna at wakas.</i></p>  <p>Tatawag ang guro ng mag-aaral na gustong</p>	<p>Pag-usapan ang mga konsepto ng <i>higit sa</i> at <i>mas mababa kaysa sa</i> sa pamamagitan ng <i>picture clues</i> o tunay na mga bagay na matatagpuan sa silid-aralan.</p> <p>Role-playing: Hayaan ang mga <i>volunteer</i> na mag-aaral na magsagawa sa sitwasyon na ibinigay ng guro</p> <p>Situation 1</p> <p><i>Walang lapis ang iyong kamag-aral, ano ang gagawin mo?</i></p> <p>Volunteer 1 – <i>Magpapahiram po ako ng isang lapis.</i></p> <p>Volunteer 2 – <i>Magpapahiram po ako ng tatlong lapis.</i></p> <p>Tanong: <i>Sino sa kanilang dalawa ang may mas maraming pinahiram? Sino</i></p>	<p>MATCHING GAME</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Gamitin ang parehong pagpapangkat. Magbigay sa bawat pangkat ng isang set ng mga larawan na nagpapakita ng mga kilos (<i>gestures</i>) na natutuhan. 2. Basahin ang isang senaryo, pagkatapos ay magpapakita ang grupo ng larawan ng <i>di-berbal</i> na kilos (<i>gesture</i>) na tumutugma sa sitwasyon. 3. Pag-usapan ang mga sagot ng mga mag-aaral <p>SITUATION 1. <i>Nagpapaalam ka sa iyong</i></p>	<p>Intensity of Emotions</p> <p>Ipakilala ang ideya ng intensidad sa pamamagitan ng pagpapaliwanag na ang emosyon ay maaaring magbago ng <i>intensity</i> o <i>gravity</i>. Gamitin ang mga simpleng salitang nilalaman tulad ng “<i>mas kaunti</i>” (<i>hal. galit</i>) “<i>napaka</i>” (<i>hal. lungkot</i>) sobra (<i>hal.: inis</i>) depende sa wika na ginagamit ng mga mag-aaral.</p> <p>Magbigay ng mga halimbawa mula sa nakaraang mga kuwentong nabasa mo sa klase.</p> <p>Halimbawa, "Ang Bata at ang Lobo" ay nagpapakita ng nagbabagong intensidad ng galit o kagalitan na natutuhan ng mga kapwa dahil sa patuloy na paggawa ng mga kalokohan.</p> <p>Hayaan din silang magkaroon ng imahinasyon na tumataas ang <i>intensity</i> ng takot ng bata kapag nakikita niyang</p>
---	--	---	--	--

	<p>magbahagi sa klase ng kanilang nabuong kuwento.</p>	<p><i>naman ang may mas kaunting ipinahiram?</i></p> <p>Situation 2</p> <p><i>Nakita mong walang baon ang kamag-aral mo, ano ang gagawin mo?</i></p> <p>Volunteer 1 – <i>Bibigyan ko po siya ng isang biskwit.</i></p> <p>Volunteer 2 – <i>Bibigyan ko po siya ng tatlong tinapay.</i></p> <p>Itanong: <i>Sino sa kanilang dalawa ang may mas maraming ibinigay? Sino naman ang may mas kaunting ibinigay?</i></p> <p><i>Masasabi ba nating mas matulungin ang nagpahiram ng mas maraming lapis at nagbigay ng mas maraming biskuwit o tinapay? Bakit?</i></p> <p>Tandaan: <i>Ang pagtulong sa kapwa ay hindi nasusukat sa rami o kaunti ng ating ibinigay. Ang mahalaga, ang pagtulong ay taos o bukal sa ating puso.</i></p> <p>Maglaro tayo – <i>Tingnan ang dalawang larawan at sabihin kung alin ang may mas marami</i></p>	<p><i>guro na pupunta ka sa palikuran. Isang kilos ang sagot ng iyong guro.</i></p> <p><i>Ano ang ibig sabihin ng kilos na di-berbal na ito?</i></p> <p>SITUATION 2. <i>Habang nagbabasa ng kuwento ang inyong guro tungkol sa “Ang Batang Sumigaw ng Lobo”, tumigil ito saglit at nagtanong tungkol dito. Gusto mong sumagot sa tanong. Ano ang dapat mong gawin?</i></p> <p><i>Ano ang ibig sabihin ng kilos na di-berbal na ito?</i></p> <p>SITUATION 3. <i>Nagpakita ng kanyang kakayahan sa pagsayaw ang iyong mga kamag-aral. Anong kilos na di-berbal ang gagawin mo sa sitwasyong ito? Bakit ito ang kilos na di-berbal na gagawin ninyo? Ano ang ibig sabihin nito?</i></p> <p>SITUATION 4. <i>May lumapit sa iyo na hindi mo kilala at gustong kurutin ang iyong pisngi, anong kilos na di-berbal</i></p>	<p>papalapit ang lobo sa tupa.</p> <p>Pag-usapan ang mga sitwasyon kung kailan ang isang magulang o tagapangasiwa ay magiging masigasig at mas masigla lalo na kapag tinatawag nila ang kanilang mga anak at hindi sila sumagot kaagad.</p> <p>Hayaan sila rin na i-imagine ang lumalaking intensidad ng takot ng bata kapag nakita niya ang lobo dumating malapit sa tupa.</p> <p>Paano mo malalaman kung sobrang galit na ang inyong nanay o tatay? Ano ang dapat gawin upang hindi magalit nang sobra ang inyong nanay/tatay?</p> <p>Kailangang magbigay-bisa ang mga tao sa kanilang pag-aari sa mga ito.</p> 
--	--	--	--	---

		<p><i>at alin ang mas kaunti.</i></p> <p>1. Alin sa mga hinuhugasan ni nanay ang may mas maraming pinggan at alin naman ang may mas kaunti?</p>  <p>Sagot: Ang larawan A ay may mas kaunting pinggang hinuhugasan kaysa sa larawan B na may mas maraming pinggang hinuhugasan.</p> <p>2. Alin sa mga dinidiligan ni ate ang may mas maraming halaman at alin naman ang may mas kaunti?</p>	<p><i>ang gagawin mo?</i></p> <p><i>Bakit ito ang gagamitin mo? Ano ang ibig sabihin nito?</i></p> <p>SITUATION 5. <i>Dumating ang nanay ng iyong kamag-aral na may dalang pagkain. Lahat kayo ay binigyan nito.</i></p> <p><i>Anong kilos na di-berbal ang gagawin ninyo?</i></p> <p><i>Bakit ito ang gagawin ninyo? Ano ang ibig sabihin nito?</i></p> <p><i>Ipaliwanag at ipakita ang kakayahang paraan ng pagpapakita ng mga kilos(gesture), lalo na ang pagtutukoy ng mga daliri.</i></p>	<p>Kailangang mapansin ninyo kapag may kaunting galit ang inyong magulang upang hindi na kayo gumawa ng lalong magpapagalit sa kanila.</p>
--	--	---	--	--



Sagot: Ang larawan A ay may mas kaunting halamang dinidiligan kaysa sa larawan B na may mas maraming halamang dinidiligan.

3. Alin sa dalawang larawan ang may mas maraming bilang ng nagtutulungan? Alin naman ang may mas kaunting bilang ng nagtutulungan.



Sagot: Ang larawan A ay may mas maraming bilang ng taong nagtutulungan kaysa sa larawan B na may mas kaunting bilang ng nagtutulungan.

After/Post-Lesson Proper				
<p><i>Paglalapad at Paglalahat</i></p>	<p>Ang pakikinig sa isang taong nagkukuwento ay tanda ng paggalang. Ang pakikinig din nang mabuti ay isang paraan upang mas ganap na maunawaan ang isang kuwento at makilala ang mga sangkap nito tulad ng tauhan, tagpuan, at balangkas.</p>	<p>Hindi sukatan ang dami ng mga bagay na ibinibigay mo kundi sa pagbabahagi nang bukal sa iyong kalooban,</p>	<p>Bukod sa pagsasalita, maaari din nating maiparating ang ating nararamdaman sa pamamagitan ng ating mga kilos (<i>gestures</i>).</p>	<p>Dapat nating basahin ang mga emosyon upang tumugon na may paggalang at simpatiya.</p>
<p><i>Pagtataya ng Natutuhan</i></p>	<p>5 Finger Retell Sabihin: Mula sa inyong binuong kuwento tungkol sa mga larawan ay gagawan ninyo ito ng sariling <i>5 finger retell</i></p>	<p>Hayaang paghambingin ng mga mag-aaral ang dalawang larawan sa pamamagitan ng pagpili ng pinakamahusay na sagot. Kulayan ang kahon ng tamang sagot.</p> <div data-bbox="784 1069 1142 1197" style="text-align: center;"> </div> <p>1. Ang bilang ng mag-aaral sa unang larawan ay _____ kaysa sa bilang ng mag-aaral sa ikalawang larawan.</p>	<p>LET ME TELL YOU</p> <p>Magbigay sa mga mag-aaral ng mga <i>imahe</i> o mga <i>drawings</i> na naglalarawan ng mga <i>non-verbal</i> na kilos (<i>gestures</i>) tulad ng pagtutukoy ng kamay, pagtataas ng mga kamay, pagpalakpak, <i>hand stop signal</i> at <i>thumbs up</i>.</p> <p>Hayaang mga mag-aaral na pumili ng isang larawan at lumikha ng isang maikling kuwento o talata na naglalarawan ng sitwasyon o emosyon na kasangkot sa ekspresyon.</p>	<p>PAINT ME AN EMO.</p> <p>Isasatao ng mag-aaral ang emosyong nararamdaman mula sa senaryo na ilalarawan ng guro.</p> <p>Hatiin sa apat na pangkat ang klase at isasatao ang nararamdamang emosyon na imumungkahi ng guro. At kapag sinabi ng guro na “freeze” ay dapat itong magawa ng bawat grupo batay sa hinihinging emosyon. Ang pangkat na may pinakatamang emosyon ang siyang mananalò.</p>



2. Ang bilang ng aklat sa unang larawan ay _____ kaysa sa bilang ng aklat sa ikalawang larawan.



3. Ang bilang ng bulaklak sa unang larawan ay _____ kaysa sa bilang ng mga bulaklak sa ikalawang larawan.



4. Ang bilang ng mga laruan sa unang larawan ay _____ kaysa sa bilang ng laruan sa ikalawang larawan.

Hayaan ang mga mag-aaral na pumili ng kapareha upang magbahaginan ng kanilang ginawa.

Ang guro ay iikot sa buong klase upang subaybayan at maiwasto kung tama o mali ang kanilang ginagawa.

Hayaan kong sabihin sa iyo

Hayaan ang mga mag-aaral na pumili ng isang larawan at lumikha ng isang maikling kuwento o talata na naglalarawan ng sitwasyon o emosyon na kasangkot sa ekspresyon.

Hayaan ang mga mag-aaral makakuha ng isang kasamahan upang ibahagi at mag-usapan ang kanilang mga nilikha sa kanilang mga kasamihan.

Scenario No. 1

Kaarawan mo ngayon, pagmulat ng iyong mga mata, Nakita mo na may malaking regalo sa katabi mo. Anong mararamdaman mo? Paint me an emo! (after a minute) Freeze!

Scenario No. 2




Nabalitaan mo na namatay ang inyong alagang aso na si Puti. Para na siyang pamilya sa inyo. Ano ang mararamdaman mo? Paint me an emo! (after a minute) Freeze!

Scenario No. 3

Tahimik ang klase. Nakikinig ang lahat sa leksyon ng guro nang biglang yumanig ang paligid at nagsigawan ang lahat ng, “lindol!” Anong mararamdaman mo? Paint me an emo! (after a minute) Freeze!

Scenario No. 4

Nag-aaral ka ng leksyon sa loob ng klase. Biglang pumasok ang mga kaklase mo at nagsimulang mag-ingay sa paligid mo. Anong mararamdaman mo? Paint me an emo! (after a minute) Freeze!

		 <p>5. Ang bilang ng mga gulay sa unang larawan ay _____ kaysa sa bilang ng mga gulay sa ikalawang larawan.</p>	<p>Ang guro ay lumalabas upang suriin kung ang mga mag-aaral ay sa tamang <i>track</i>.</p>	<p>Scenario No. 5 Pagod ka galing sa paaralan. Maghapon kayong nag-aral at gutom ka na. Nais mong magpahinga. Ngunit pagdating mo sa bahay, sinabihan ka ng nanay mo na isasama ka nila sa Manila sa darating na Sabado. Ano ang mararamdaman mo? <i>Paint me an emo! (after a minute) Freeze!</i></p>
<p><i>Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)</i></p>		<p>Gawaing Bahay</p> <p>Gumuhit ng larawan sa loob ng kahon upang makumpleto ang isinasaad nito.</p>  <p>Ang larawan sa unang kahon ay mas marami kaysa sa ikalawang kahon.</p>  <p>Ang larawan sa unang kahon ay mas kaunti kaysa sa ikalawang kahon</p>	<p>GAWAING BAHAY: Hikayatin ang iyong mga mag-aaral na panatilihin ang <i>di-berbal</i> na pahiwatig na kanilang nararanasan sa pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan sa labas ng klase (tulad ng sa bahay o sa mga kaibigan) at mag-ulat pagbalik sa klase sa susunod na araw.</p> <p>Palakasin kung ano ang kanilang natutuhan at palawakin ang paggamit ng mga aralin sa labas ng klase.</p>	

<i>Remarks</i>				
<i>Reflection</i>	Ano ang natutuhan mo sa araling ito?	Ano ang natutuhan mo sa araling ito?	Ano ang natutuhan mo sa araling ito?	Ano ang natutuhan mo sa araling ito?

Prepared by:

Subject Teacher

Reviewed by:

Master Teacher/Head Teacher

Approved by:

School Head